## APPLICATION

- Hinihikayat tayo sa Mateo 6:3 na magkaroon ng tamang puso kapag nagbibigay sa mga nangangailangan. Sa ilalim ng katotohanang ito, ano ang mga hakbang na gagawin mo ngayong linggo? May mga bagay ba na kailangan mong simulan o tigilang gawin?
- Mag-isip at hingin sa Diyos na suriin ang puso mo tungkol sa motibo mo sa pagbibigay. Ipanalangin na ang iyong pagbibigay ay maging pag-uumapaw ng pagmamahal at debosyon mo sa Diyos.
- Sinu-sino sa mga taong malapit sa 'yo ang nangangailangan ngayon (kamag-anak, kapitbahay, kaklase, katrabaho, o empleyado)? Paano mo maipapakita ang habag ng Diyos sa kanila?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil mas nararanasan natin ang Kanyang biyaya habang mas nakikilala natin Siya sa pamamagitan ng mga disiplinang espirituwal.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng pusong maawain sa mga nangangailangan. Ipanalangin na ang maging motibo mo sa pagbibigay ay ang mas maranasan pa Siya sa buhay mo at ang paghahayag ng Kanyang biyaya sa iba.
- Manalangin para sa mga nangangailangan sa paligid mo. Hingin sa Banal na Espiritu na tulungan kang maipahayag ang ebanghelyo sa kanila habang pinaglilingkuran at inaalagaan mo sila.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Chrysse Pili, Jasmine Villegas

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

# Rhythms OF GRACE

## Pagbibigay | Kapag Ikaw ay Nagbigay . . .

**WEEK 1**

## WARM-UP

- Ano ang karaniwan mong ginagawa o *routine* sa araw-araw? Ano ang nangyayari kapag hindi mo ito nasusunod?
- May mga madalas ka bang ginagawa na nagkaroon ng magandang epekto sa buhay mo? Ibahagi ito sa grupo.
- Sa anong bagay mo gustong maging kilala? Magkwento tungkol sa madalas mong ginagawa kaugnay nito.

## WORD

*"Mag-ingat kayo at baka ang paggawa ninyo ng mabuti ay pakitang-tao lang. Sapagkat kung ganyan ang ginagawa ninyo, wala kayong matatanggap na gantimpala mula sa inyong Amang nasa langit."* **MATEO 6:1**

(Basahin din ang **MATEO 6:2–4.**)

Ang mga espirituwal na disiplina ay mga pag-uugali at gawain na nagpapalakas ng ugnayan natin sa Diyos at nagdadala sa atin sa isang lugar kung saan nararanasan natin ang iba't ibang aspeto ng Kanyang biyaya kay Cristo. Ang mga ito ay mahalagang bahagi ng ating pamumuhay nang kasama Siya at tugon sa Kanyang pagmamahal. Dapat natin isagawa ang mga ito nang regular at tuloy-tuloy—natututo mula kay Jesus at ginagawang bahagi ng buhay ang mga ritmong ito ng biyaya. Maaaring gawin ang mga disiplinang ito nang mag-isa o bilang isang komunidad ng iglesya.

Makikita sa Kasulatan na ang mga tradisyon at gawi ay karaniwan sa kultura ng mga Judio. Marami silang sinusunod na mga 'dapat' at 'hindi dapat' gawin. Pero, marami sa kanila ang tila hindi nakita ang pinakamahalagang bahagi—ang pagkakaroon ng tamang puso at pag-uugali sa harap ng Diyos. Sa Kanyang Pangaral sa Bundok, tinuro ni Jesus sa mga tao ang pagkakaroon ng tamang puso at pagsasagawa ng mga bagay na ito. Ngayong araw, tingnan natin kung ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa pagbibigay.

## 1 Tinawag tayo na magbigay sa mga nangangailangan.

*"Kaya kapag nagbibigay kayo ng tulong . . ."* **MATEO 6:2**

Noong kinakausap ni Jesus ang mga tao tungkol sa mga nakasanayan na nilang gawin, alam Niya na ang pagbibigay ay bahagi na ng kanilang kultura at inaasahan na sa kanila. Nakalaan din ang pagbibigay nila sa mga nangangailangan—madalas ay para ito sa mga biyuda, ulila, at mga dayuhan. Nais ng Diyos na alagaan at tulungan ng Kanyang mga mamamayan ang mga nangangailangan. Tulad ng pagbibigay at pagtataguyod ng Diyos sa atin, maaari rin tayong maging daluyan ng Kanyang biyaya at awa. Hindi lang ito tungkol sa pagbibigay ng pera, kundi pati na rin sa pag-aalaga ng mga nangangailangan sa pamamagitan ng paglilingkod sa kanila. Paano ka nakapaglingkod sa mga nangangailangan?

## 2 Kapag tayo ay nagbibigay sa mga nangangailangan, hindi ito para makakuha ng papuri mula sa mga tao.

*"Kaya kapag nagbibigay kayo ng tulong, huwag na ninyo itong ipamalita gaya ng ginagawa ng mga pakitang-tao roon sa mga sambahan at sa mga daan upang purihin sila ng mga tao. Ang totoo, tinanggap na nila ang kanilang gantimpala."* **MATEO 6:2**

Dahil karaniwan sa kultura nila ang pagbibigay sa mga nangangailangan, maaaring natutukso ang ibang mga Judio na ipagmalaki ang kanilang mga ginagawa para purihin at tanggapin sila ng ibang tao. Bilang mga disipulo, ang pagbibigay sa mga nangangailangan ay hindi lang tungkol sa pagsunod sa batas o sa pagiging kilala bilang isang masunuring disipulo, kundi tungkol sa pagbabahagi ng pagmamahal ng Diyos sa iba (Leviticus 19:18). Sinabi ni Jesus na ang mga mapagpanggap na nag-iingay upang ipagmalaki ang kanilang pagbibigay ay nakatanggap na ng kanilang gantimpala. Ano sa tingin mo ang gantimpala nila? Bakit kaya sinabi ito ni Jesus?

## 3 Kapag tayo ay nagbibigay sa mga nangangailangan, ginagawa natin ito sa harap ng Ama.

*[3]"Sa halip, kung magbibigay kayo ng tulong, huwag na ninyo itong ipaalam kahit sa pinakamatalik n'yong kaibigan, [4]upang maging lihim ang pagbibigay ninyo. At ang inyong Amang nakakakita sa ginagawa ninyo nang lihim ang siyang magbibigay ng gantimpala sa inyo."* **MATEO 6:3–4**

May pananaw ang mga Judio na ang Diyos ay banal at mahirap lapitan. Pero ipinakilala sa kanila ni Jesus ang isang aspeto ng Diyos na ibang-iba sa alam nila—isang malapit na ama. Para sa atin ngayon, inampon tayo sa pamilya ng Diyos dahil sa ginawa ni Jesus sa krus. Ang Diyos ay hindi tulad ng tao na nasisihayan na sa pakitang-tao lamang na pagsunod sa batas. Kapag tayo ay nagbibigay sa mga nangangailangan, maaari rin tayong mapanatag sa katotohanang ang pagbibigay natin ay nakikita ng ating *Amang nakakakita sa ginagawa . . . nang lihim*. Hindi ito tungkol sa lugar kung saan tayo nagbibigay, kundi sa kalagayan ng ating mga puso. Gusto lang ba nating makita ng lahat ang ginagawa natin o totoong gusto nating sumunod at bigyan ng kasiyahan ang Diyos? Ang ating pagiging bukas-palad ay nakakatulong din para maranasan ng iba kung sino Siya dahil sa pamamagitan nito ay sinasalamin natin Siya. Bakit mahalaga ang pagsasagawa ng mga espirituwal na disiplina nang may tamang puso?